

EDITORIAL

Sama-samang bumangon mula sa mga delubyong pinalala ng kriminal na kapabayaang ni Duterte

Sa Pilipinas, bilang bansang taun-taong dinaraan ng aabot sa 20 bagyo, pangkaraniwan na sa mamamayan nito ang pagiging bulnerable sa mga kalamidad at sakuna na nagpapalala pa sa kanilang miserableng kalagayang deka-dekada na nilang kinakaharap. Sa mga nagdaang sakuna, malinaw na walang anumang kumprehensibo at sustenableng mga programa sa paghahanda at pagtugon ang rehimeng US-Duterte sa mga kinakaharap na delubyo na higit na pinalubha ng kainutilan nito sa pagharap sa pandemyang COVID-19.

Tulad ng dati, walang sapat na paghahanda ang rehimeng US-Duterte sa pagharap sa mga kalamidad. Napakaliit ng pondong P15.7 bilyon para sa *disaster reduction and management* ngayong taon kung ikukumpara sa mga pinsalang dulot ng mga nagdaang delubyo. Sa bagyong Rolly pa lamang, marami nang lokal na gobyerno ang nagdeklara ng pagkasaid ng kanilang *calamity fund*. Kulang na nga sa paghahanda, huli pa ang pag-aabiso ng rehimen sa mga residente ng

mga lugar na tatamaan ng bagyo. Sa kaso ng Ulysses, walang pag-aalerto hinggil sa posibilidad ng malawakan at malalang pagbaha dulot ng matinding buhos ng ulan. Nagresulta ito sa atrasadong paglilikas sa mga tao, mabagal na pagresponde sa mga sitwasyong emerhensya at kasalatan ng mga pangangailangan tulad ng tubig at pagkain para sa mga bakwit at biktima ng bagyo.

Matapos maganap ang serye ng malalakas na bagyong pumasok

sa bansa, walang anumang makabuluhang hakbangin ang rehimeng US-Duterte upang tulungan at ayudahan ang mamamayang nasalanta. Isa ang rehiyong Timog Katagalugan sa nagtamo ng matinding pinsala dulot ng mga nagdaang malalakas na bagyo.

Pinakaapektado ang mga lalawigan ng Quezon, Rizal, Oriental at Occidental Mindoro. Sinasalamin ng matinding pinsala sa rehiyong TK



KALATAS

Nobyembre 2020
TOMO 40 BILANG 11

NILALAMAN

- 1 *Sama-samang bumangon mula sa mga delubyong pinalala ng kriminal na kapabayaan ni Duterte*
- 3 *Lider-magsasaka sa Quezon, pinaslang ng 201st Brigade*
- 4 *Ang tunay na dahilan ng matinding pagbaha sa Luzon*
- 6 *Anim na matatagumpay na CBA, tugon ng mga unyon sa panahon ng pandemya at panunupil ng estado*
- 7 *Kilos Protesta: Mga pagkilos sa ika-157 anibersaryo ni Bonifacio*
- 8 *Tugon ni PdG: Bakit dapat labanan ang red-tagging ng rehimen ng US-Duterte?*
- 10 *Ninakaw na kamusmusan*
- 12 *Balitang TO: FMO ng AFP-PNP, Binigo ng AMC-BHB Quezon*
- 14 *Kultura: Si Ate Rjei*

Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.

Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:



st.kalatas@gmail.com



balikwastk.wordpress.com

ang kriminal na kapabayaan ng rehimen. Sa Quinta pa lamang, aabot sa halos P600 milyon ang nasirang mga pananim at imprastruktura sa CALABARZON at MIMAROPA. Doble pa sa pinsalang ito ang dala ng magkasunod na bagyong Rolly at Ulysses sa rehiyon na aabot ng mahigit sa P1 bilyon ang natamong pinakamalubhang pagkasira sa agrikultura na nagwasak sa malalawak na niyugan at sagingan sa Quezon at nagpalubog sa ekta-ektaryang palayan sa Laguna, Mindoro at Rizal. Tiyak na pangmatagalan ang epekto nito sa mga magsasaka na bago pa ang Quinta, Rolly at Ulysses ay sinalanta na ng tagtuyot at bagyong Ambo sa unang bahagi ng taon.

Samantala, aabot ng 25,852 bahay ang nawasak sa bagyong Ulysses na nagresulta ng pagbakwet ng may 370,000 katao. Naiulat rin ang kabuuang 67 namatay, kung saan 17 rito ay mula sa CALABARZON. Nalubog naman sa baha ang halos 40,000 kabahayan sa Marikina City at dalawang bayan sa Rizal matapos buksan ang Angat Dam bago at sa panahon ng bagyo.

Nito lamang nakaraang Oktubre, sa okasyon ng ASEAN Summit, isinisisi ni Duterte mismo sa *climate change* o pagbabago ng klima ng daigdig ang mga delubyo at sakunang humahambal sa buong mundo. Sa tabing ng pagbabago ng klima, nais ilihis ni Duterte at mga naghaharing-uri ang tunay na dahilan ng paglala ng mga kalamidad—ang pandarambong sa mga likas na yaman na nagdudulot ng walang pakundangang pangwawasak sa kalikasan at polusyon ng kapaligiran sa ngalan ng kapitalistang kasakiman at ganid ng iilang makapangyarihan sa daigdig na magkamal pa ng labis-labis na tubo.

Sa bansa, nagdulot ng matitinding sakuna ang makauring sabwatan ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uring malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa na deka-dekada nang nakikinabang sa likas na yaman ng bansa. Sila ang nagmamay-ari ng mga kumpanyang naglulunsad ng mga mapangwasak na operasyon sa pagmimina sa mga kabundukan at pagtotroso sa malalawak na kagubatan. Walang ibang idinulot ang mga operasyong ito sa mamamayan kundi mga malawakan at matitinding pagbaha, pagguho ng lupa, mahahabang panahon ng tagtuyot at tag-ulan, pagwasak ng mga kagubatan at mga *ecosystem* dito, pagkaiga ng maraming ilog at pagkasira ng mga natural na daluyan ng mga tubig mula sa mga kabundukan tungo sa mga karagatan.

Sa katunayan, maging ang mga tinaguriang 'proyektong pangkaunlaran' tulad ng mga dambuhalang dam at paglikha ng mga kalsada mula sa kabundukan tungong kabayanan ay hindi para sa interes ng mamamayan kundi para bigyang-daan ang mga mapangwasak na operasyon sa pagmimina at malalaking konsesyon sa pagtotroso sa bansa. Ito ang naging pangunahing layunin ng pagtatayo ng mga dam tulad ng Magat na nagdulot ng matinding pagbaha sa mga lalawigan ng Cagayan at Isabela sa kasagsagan ng pananalasa ng bagyong Ulysses sa bansa. Tiyak na ito rin ang sasapitin ng mga residente at mamamayan sa palibot ng itatayong Kaliwa dam sa hangganang North Quezon at Rizal kapag natapos na ang nasabing proyekto.

Malaki rin ang epekto ng walang pakundangang pagtatapon ng mga basura at nakakalasang kemikal ng mga kumpanya sa pagmimina sa pagwasak sa mga natural na daluyan ng tubig sa mga kabundukan at maging sa kalusugan ng mga mamamayang naninirahan sa palibot nito. Walang silbi sa mamamayan ang mga proyekto at programa para sa pagkokontrol ng baha sa mga komunidad dahil sa matinding korupsiyon ng mga burukratang nangangasiwa sa pagtatayo ng mga ito, kung mayroon mang nagawa ay nabubulok na ang mga ito at madaling masira dahil sa mahihinang klaseng materyales na ginamit sa paggawa.

Sa mga kalunsuran at sentrong bayan sa mga kanayunan, walang anumang kumprehensibong planong pang-urban ang mga lokal na pamahalaan upang tugunan ang mga suliranin sa pagbaha. Imbes na unahin ang mga imprastruktura para sa *flood control*, inuuna ang pagtatayo ng mga *mall*, *condominium* at mga subdibisyon nang walang mahusay na planong urban. Hindi kailanman isinaalang-alang ang bulnerabilidad ng mamamayan sa mga bagyo, lindol at iba pang sakuna at sa halip, nakasipat lamang ito sa pagkamal ng kita ng mayayaman at makakapangyarihang pamilya sa bansa at kanilang makauring interes tulad ng pamilyang Villar at Cojuangco at mga kroni ni Duterte tulad ni Dennis Uy.

Ang mga magsasaka, manggagawa, mangingisda, maralita sa kalunsuran at kanayunan at pambansang minority ang siyang pangunahing apektado ng mga nagdaang kalamidad. At sa mga darating pang kalamidad sa bansa, sila ang pinakabulnerableng masalanta at maging mga biktima muli. Sila ang nakatira sa mga lugar na winasak na ng mga eksplorasyon sa operasyon ng pagmimina at *quarry* at kinalbo na ng malalaking konsesyon sa pagtotroso. Matatagpuan sila sa mga sakahan at tanimang nakaambang lumubog dahil sa mga nakatayo at itatayo pang malalaking dam. Sila rin ang yaong nawalan na ng lupa dahil sa pagpapalit-gamit ng mga ito tungong komersyal, industriyal, residensyal at ekoturismo na lalong nagpalala ng mga pagbaha. At tulad ng mga nangyari sa mga nagdaang kalamidad, higit pa silang magiging bulnerable sa mga sakuna dahil sa kainutilan ng reaksyunaryong gubyernong walang ibang inaaturapag kundi ibunton ang sisi sa mamamayan.

Walang ibang dapat sisihin at singilin ang mamamayan kundi ang rehimeng US-Duterte at mga mapangwasak-sa-kalikasang mga proyekto at operasyon ng imperyalismong US sa bansa at ang kanilang mga kasapakat

na naghaharing-uri sa ngalan ng kita kapalit ang pagkawasak ng kapaligiran at kabuhayan ng mamamayan. Kasuklam-suklam ang kainutilan ng rehimen sa kawalang aksyon nito sa banta ng mga delubyo sa mamamayan at pagpapanatiling bulnerable ang mamamayan sa mga pinsalang dulot ng mga kalamidad na ito. Lalo pang nakakagalit ang ginagawa nitong patuloy na pandarahas sa mamamayang nagmamalasalakit sa mga biktima gamit ang kanyang bayaran at pasistang AFP-PNP na imbes na tumuwang sa mga operasyong relip at rehabilitasyon ay naglulunsad pa ng mga operasyong militar sa kasagsagan ng mga kalamidad sa bansa.

Sa kabilang banda, dapat na paigtingin pa ng mamamayan ang kanilang pakikibaka upang ibagsak ang pasista at tiranikong rehimeng US-Duterte at papanagutin ito sa kanyang mga kriminal na kapabayaang sa mamamayan. Tanging sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon mareresolba ng mamamayan ang

matagal na nilang suliranin sa mga kalamidad at delubiyong kanilang nararanasan. Kasabay ng kanilang sama-samang pagkilos upang bumangon mula sa mga kalamidad at sakuna, kailangan nilang magbuklod upang isulong ang kanilang mga karaingan at kagalingan lalo na sa mga panahong matindi ang pinsalang dulot sa kanilang buhay at kabuhayan ng mga nagdaang delubyo.

Sa ganitong balangkas isinusulong ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan ang mga direktiba ng demokratikong gubyernong bayan na nagbabawal sa mapangwasak na pagmimina, pagtotroso at pagtatayo ng mga negosyo at mga imprastrakturang pumipinsala sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan. Tanging sa direksyon lamang ng demokratikong rebolusyong bayan at sa rebolusyonaryong programa nito tunay na maihahanda at mapapakilos ang mamamayan na harapin ang anumang unos at delubiyong magiging balakid sa kanilang pag-unlad at kasaganaan. ☒

BANTAY KARAPATAN



Lider-magsasaka sa Quezon, pinaslang ng mga elemento ng 201st Brigade

Estilong tokhang na pinatay ng mga elemento ng 201st Brigade si Armando Buisan sa Brgy. Sta. Maria, Catanauan, Quezon noong Nobyembre 14. Si Buisan, 60 anyos, ay konsehal ng Brgy. Magsaysay, General Luna at tagapangulo ng Coco Levy Fund Ibalik sa Amin (CLAIM) sa naturang bayan. Tatlung taon siyang nakikibaka para sa karapatan nilang magniniyog, kabilang ang pagbawi sa pondong *coco levy*, pagpapataas ng presyo ng kopra at ayuda sa panahon ng pandemya at bagyo.

Naganap ang pamamaslang matapos mabigo ang 201st Brigade sa atake nito sa AMC-BHB Quezon. Dahil natalo sa labanan, ibinaling ng mga pasista ang kanilang galit sa mamamayan. Bago ang krimen, ilang beses na ipinatawag sa kampo si Buisan at sapilitang pinapasuko ng AFP bilang kasapi ng BHB. Dati na siyang iprinisenta ng SOLCOM na pekeng *rebel returnee* kasama ang iba pang magniniyog na tinakot ng AFP. ☒



Ang tunay na dahilan ng matinding pagbaha sa Luzon

Matinding perwisyo at pasakit ang dinanas ng sambayanang Pilipino sa nagdaang matinding pagbaha sa Luzon. Iresponsableng binuksan ng National Irrigation Authority ang mga dambuhalang dam na nagpalubog sa libu-libong kabahayan sa ilang probinsya mula Hilagang Luzon hanggang Timog Katagalugan. Ang pagbaha sa Hilagang Luzon ay tinaguriang pinakamalala sa rehiyon sa loob ng 45 taon. Bunsod nito, namatay ang 76 tao at nawasak ang bilyung pisong halaga ng mga ari-arian at pananim ng mamamayan.

Hanggang ngayon, wala pang nananagot sa pagbaha at pilit pinagtatakpan ng reaksyunaryong guberno ang kriminal nitong kapabayaang Paikut-ikot ang imbestigasyon at pagtuturuan. Ipinagkakait nila sa mamamayan ang kaalaman kung sino at ano ang mga dahilan ng matinding pagbaha.

Pagsambulat ng baha dahil sa mga dambuhalang dam

Sentro ng isyu sa pagbaha ang Magat Dam na matatagpuan sa hangganan ng Ifugao at Isabela. Itinayo ito noong panahon ng diktadurang US-Marcos para serbisyuhan ang 380-MW *hydropower plant* ng mga Aboitiz. Binuksan ito sa kasagsagan ng mga bagyo nang walang abiso sa publiko.

Nakaranas din ng matinding pagbaha ang mga lalawigan ng Bulacan, Quezon at Pangasinan kung saan may nakatayong mga dam. Isinisi rin sa pagpapakawala ng tubig ng Angat dam ang pagbaha sa Marikina at San Mateo, Rizal.

Karamihan sa mga dambuhalang dam na ito ay itinayo para pagkunan ng kuryente ng mga empresa, industriya at mga tahanan, at suplayan ng tubig ang Kamaynilaan at mga kalapit na probinsya. Masalimuot ang kasaysayan ng mga dam dahil itinatayo ang mga ito sa mga lupaing ninuno at kaakibat ng konstruksyon nito ang pagsira sa mga ilog at kagubatan. Pinakikinabangan ito ng malalaking burgesya komprador at mga kasabwat nilang dayuhang kapitalista na may puhunan sa sektor ng enerhiya.

Kapalit ng mga “benepisyo” ng dam ang panganib sa buhay ng mamamayan. Ang pagpapakawala sa malaking bolyum ng tubig sa mga dam ay nagdudulot ng malawakang



Mararahas na alon sa tabing-dagat ng Quezon. Litrato ni Ernie Peñaredondo mula sa The Philippine STAR

pagbaha sa mabababang lugar na palagiang nangyayari sa tuwing may malalakas na pag-ulan at bagyo. Sinisira rin nito ang likas na daluyan ng tubig mula sa kabundukan pababa. Unti-unting nawawasak ang natural na kaayusan sa pagkontrol at pagpigil sa tubig.

Ang mga risgong ito ang dahilan kung bakit mariing tinututulan ng mamamayan at makakalikasan ang pagtatayo ng mga dambuhalang dam. Kabilang rito ang konstruksyon ng Kaliwa Dam sa Tanay, Rizal na inaapura ng rehimeng US-Duterte. Sa kabila ito ng matinding pangamba ng mga residente na maghahatid ang proyekto ng mas matinding pagbaha at kalamidad.

Maaaring sapitin din ng mamamayan ng Quezon at Rizal ang nangyari sa Cagayan at Isabela. Wala pa ngang nakatayong Kaliwa Dam, nakakaranas na sila ng matinding pagbaha dulot ng mga nagdaang kalamidad. Tumaas ng 20 metro ang lebel ng tubig ng Agos-Kaliwa River nitong bagyong Rolly at Ulysses. Pinalis at inanod nito ang may 37 bahay at isang eskwelahan sa mga

Brgy. Pagsangahan at Lumutan ng General Nakar, Quezon. Ayon sa alkalde ng Infanta na si Filipina Grace America, nalubog sa baha ang 12 sa 36 barangay sa kanilang bayan. Samantala, tinabunan naman ng buhangin ng ilog ang mga taniman ng magsasaka at mga katutubo sa Brgy. Sta. Inez, Tanay, Rizal. Kinatatokutan ng mamamayan na kung matapos ang konstruksyon ng dam ay posibleng dumanas sila ng mas malupit pang kalamidad kaysa sa pagbaha noong 2004 na kumitil sa mahigit 1,800 buhay.

Pagkasira ng Sierra Madre, kondisyon ng matinding pagbaha

Habang pinatatampok sa masmidya ang pagbubukas sa mga dambuhalang dam, itinatago naman ng mga reaksyunaryo ang papel ng kanilang mga mapanirang negosyo sa pagpapadala at pagpapasidhi ng mga kalamidad sa bansa.

Kondisyon ng matinding pagbaha sa Luzon ang malaon at malawakang pagtototroso sa Sierra Madre. Ang Sierra Madre ang pinakamahabang bulubundukin na tumatagos sa Cagayan, Isabela at Quirino sa

Cagayan Valley; Aurora, Bulacan at Nueva Ecija sa Gitnang Luzon at Quezon, Rizal at Laguna sa Timog Katagalugan. Dito matatagpuan ang ilan sa mga mayor na *watershed* sa Luzon.

Nagsimulang makalbo ang bulubundukin ng Sierra Madre noong panahon ng kolonyalismong Amerikano sa pagpasok ng ika-20 siglo. Kasabwat ang mga lokal na burukratang kapitalista at mga burgesya-kumprador, unti-unting kinalbo ng malawakang pagtotroso ng mga kumpanya ng US ang kabundukan mula sa Isabela hanggang Quezon at Laguna. Bunga nito, nabawasan ang kapasidad ng Sierra Madre na pigilan ang tubig na rumagasa paibaba sa mga laylayan hanggang sa kapatagan.

Higit na lumala at bumilis ang pagkakalbo ng mga kagubatan nang papasukin ang mapangwasak na pagmimina ng mga dayuhang korporasyon. Sa ikalawang hati ng ika-20 siglo, tumindi rin ang pagputol ng mga puno para magbenta ng kahoy sa bansang Japan. Hilaw na materyales ito para sa industriya sa konstruksyon ng Japan at nagsilbi sa pagbabangon ng ekonomiya nito matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Pangunahing nagkamal ng milyun-milyong salapi bilang mga protektor at kakutsaba ng mga dayuhang kumpanya sina Juan Ponce Enrile ng Cagayan, Juanie Cua at dinastiyang Dy ng Isabela. Ang pamilyang Dy ang mayari ng Pacific Timber Exporters Corporation (PATECO) na pinagkalooban ng mahigit 33,000 ektaryang konsesyon sa kahuyan. Pinahintulutan itong magputol ng 14,900 metro kubikong kahoy kada taon sa hilagang bahagi ng Isabela. Ang iba pang kumpanya na may aktibong konsesyon sa kahoy sa Isabela ay ang Luzon Mahogany Timber Corporation at Liberty Logging Corporation. May mahigit 23,000 ektaryang konsesyon ang una at halos 26,000 ektaryang konsesyon naman ang huli.

Sa Quezon naman, ang mga kumpanyang Seatec ni Guaponsoy at Interwoods ang tuluy-tuloy na nanalasa sa kagubatan hanggang dekada '80. Sinaklaw ng konsesyon ni Guaponsoy ang 60,000 ektaryang lupain sa General Nakar na nagiging dahilan ngayon ng malalang pagbaha at pagguho ng lupa.

Malinaw na ang mga salarin sa pagbaha ay walang iba kundi ang reaksyunaryong guberno at mga kapitalistang walang habas na nagwawasak sa kalikasan dahil sa kanilang pagkaganid sa tubo. Kailangang ilantad ang kanilang mga kasalanan sa bayan at singilin sila sa matitinding delubyong dumaan. Palakasin ang pakikibakang masa para bigyang hustisya ang mga biktima ng kalamidad at pagbaha. **K**



Damayan at tulongan ng mamamayan ng TK sa panahon ng kalamidad



Sa kabila ng kapabayaan ng gubyernong Duterte na tugunan ang hinaing ng mamamayan sa mga bagyong nagdaan, sumalig ang sambayanan sa isa't isa upang muling makabangon sa hagupit ng mga bagyo. Hinambalos ang Timog Katagalugan ng tatlong bagyong Quinta, Rolly at Ulysses na sumalanta sa kabuhayan at ari-arian ng mga magsasaka at manggagawa sa rehiyon.

Sa tulong ng Serve The People Corps-Southern Tagalog (STPC-ST), nakalikom ang mamamayan sa rehiyon ng mga donasyon sa anyo ng pera, pagkain at mga kagamitan para sa pagbibigay ng ayuda at relip sa mga biktima ng bagyo.

Mula Oktubre 28 hanggang Nobyembre 20, aabot ng 2,320 *relief packs* ang naipamahagi at nakapaglunsad ng *community kitchen* kung saan nakapagpakain ng 1,000 residente mula sa mga probinsya ng Batangas, Rizal at Quezon na matinding tinamaan ng mga bagyo.

Kiniharap naman ng mga organisasyong mapagkawanggawa ang matinding *red-tagging* at panghahas ng AFP-PNP sa proseso ng paglulunsad ng mga gawaing relip sa mga apektadong komunidad. Sa Macalelon at General Luna, Quezon, hinarang at pinigil ang pagpasok ng ilang mga relip at pinaratangang para sa BHB ang mga ito.

Kinundina ng Karapatan-TK ang mga atake ng AFP-PNP sa mga organisasyon at patuloy na iginigiit ang karapatan ng mamamayan para sa serbisyo at ayuda sa panahon ng mga kalamidad. Ipinanawagan nilang ilipat ang pondo para sa sarbeylans at paniktik sa relip at rehabilitasyon ng mga komunidad na apektado ng bagyo.

Nag-trending din ang #NasaanAngPangulo sa *social media* at nagsulputan ang mga petisyon sa hanay ng mga estudyante na patalsikin si Duterte dahil sa kanyang kapabayaan simula pa nang pumasok ang pandemyang COVID-19. **K**

Anim na matatagumpay na CBA, tugon ng mga unyon sa panahon ng pandemya at panunupil ng estado

Hindi malilimutan ng masang manggagawa ang taong 2020, hindi lamang dahil sa pandemyang COVID-19 kundi dahil sa pinatinding panunupil ng estado sa militanteng kilusang manggagawa.

Halos magkasabay na hinarap ng mga manggagawa ang epekto sa kanilang kabuhayan ng pandemya na pinatindi pa ng militaristang *lockdown* na siyang piniling solusyon ng gobyernong Duterte at ang mabangis na pananalakay sa karapatan ng manggagawa ng mga elemento ng berdegong NTF-ELCAC. Malawakang dinedemonisa ng NTF-ELCAC maging ang pag-uunyon ng mga manggagawa at pinalalabas na may kaugnayan ang mga unyon sa rebolusyonaryong Bagong Hukbong Bayan (BHB) na nagsusulong ng armadong pakikibaka.

Ayon sa PAMANTIK, ang panrehiyong sentro ng kilusang paggawa sa rehiyon, dinanas ng mga manggagawa ang walang kaparis na paghihirap nang ipatupad ni Duterte ang militaristang *lockdown*. Halos sabay-sabay na nawalan ng hanapbuhay ang tinatayang daang libong manggagawa sa rehiyon dahil sapilitang isinara ang mga pagawaan na pinagtatrabahuhan nila. "Kulang na kulang ang ayudang ibinigay ng gobyerno na pahirapan pang makuha ng manggagawa habang pinatindi ang mga maka-kapitalistang patakaran na inilabas ng DOLE sa panahon ng pandemya," dagdag ng PAMANTIK.

Malaking bagay na may mga nakatayong unyon ang mga manggagawa na siyang naging mahigpit na sandigan nila para ipagtanggol ang kanilang kabuhayan at karapatan lalo na sa panahon ng pandemya at panunupil. Dahil sa unyon, makabuluhan ang naigiit na benepisyong natamasa ng manggagawa sa panahon ng pandemya. Ilan sa mga tagumpay na ito ay ang kumpensasyon sa mga manggagawa kahit hindi sila makapasok sa pagawaan dahil sa *lockdown* at ang maagang pagkakaloob sa mga manggagawa ng mga benepisyong dapat ay sa katapusan pa ng taon.

Matagumpay ding nakipagtawaran ang mga manggagawa kahit na sa una'y hinahadlangan sila ng mga kapitalista sa tabing ng umano'y pagkalugi dulot ng pandemya. Ayon sa pahayag ng PAMANTIK, nakapagsara ng anim na matatagumpay na Collective Bargaining Agreement (CBA) ang mga kaanib nilang mga unyon at organisasyon.

Naipagtagumpay rin nila ang mga dagdag na hakbangin para sa sanitasyon sa pagawaan at ligtas at libreng transportasyon ng mga manggagawa upang maiwasan na mahawahan ng bayrus sa labas ng pagawaan.

Humigit kumulang na nasa 5,000 kasapi ng unyon at puo-puong manggagawang nasasakupan ng mga unyon ang nagtulak sa makabuluhan at makatarungang umento sa sahod at nagsulong ng mga kinakailangang hakbang upang maprotektahan ang kanilang kagalingan at kalusugan mula sa COVID-19.

Kabilang dito ang unyon sa Alaska Milk Corporation, na nakakuha ng panibagong dagdag na sahod: P50.00 kada araw sa unang taon, P65.00 sa ikalawa at ikatlong taon. May karagdagan pang P15,000 na natanggap ang bawat kasapi ng unyon bilang *bonus* sa pagkakasara ng CBA.

Samantala, sa kabila ng pagsasara ng planta ng Honda Cars sa Laguna, matagumpay pa ring nakakuha ng

panibagong dagdag na sahod sa CBA ang unyon ng natirang manggagawa sa mga departamento ng *sales* at *logistics*. Nakakuha sila ng *lumpsum* na P25,000 sa ikaapat na taon at P75.00 kada araw sa ikalimang taon ng ipinagpapatuloy na CBA sa pagitan ng unyon at kapitalista. Nakakuha rin sila ng *signing bonus* na P20,000.

Matapos ang mahabang negosasyon, matagumpay ring natapos ang pakikipagtawaran sa CBA ng unyon ng Nexperia. Muling nadagdagan ang kanilang sahod ng P1,000 kada buwan para sa unang taon, P900 kada buwan sa ikalawa at ikatlong taon, dagdag pa rito ang *signing bonus* na P36,000 sa bawat kasapi ng unyon.

Samantala, matagumpay na napigilan ng mga manggagawa ng Fuji Electric Philippines ang pakana ng kapitalista na kasuhan ng "*illegal strike*" ang unyon dahil sa hindi pagpasok ng mga manggagawa noong nagkaroon ng unang positibong kaso ng COVID-19 sa pagawaan. Matagumpay na nakuha nila sa CBA ang dagdag na sahod na P40.00 kada araw sa unang taon, P50.00 kada araw sa ikalawang taon, at P50.00 kada araw sa ikatlong taon, idagdag pa ang halagang P1,800 bilang *lumpsum*, P12,000.00 sa *industrial peace bonus*.





Sa ika-157 anibersaryo ni Bonifacio, Mamamayan ng TK, umiigiting ang pakikibaka laban sa pasistang rehimeng US-Duterte

Ginunita ng mamamayan sa Timog Katagalugan ang ika-157 anibersaryo ng kapanganakan ni Andres Bonifacio sa mga kilos protesta sa mga bayan ng Sta. Rosa, Cabuyao at Calamba sa Laguna noong Nobyembre 30. Lumahok sa pagkilos ang iba't ibang sektor sa rehiyon sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan (BAYAN-TK), Pamantik-KMU at Anakbayan-TK.

Ayon sa Bayan-TK, "Ngayong araw ng mga maralita at ika-157 anibersaryo ng kapanganakan ng dakilang si Gat. Andres Bonifacio, kailangan nating magbalik-tanaw sa mga nagawa at naging ambag niya para mabago ang ating bayan. Kailangang sariwain ang kanyang mga kabayanihan dahil napapanahon ang mga ito lalo na sa paglaban sa tiraniya."

Bitbit ng mga nagprotesta ang isang istrimer na may imahen ni Bonifacio at panawagang "Mamamayan ng Timog Katagalugan: Paigtingin ang pambansa-demokratikong pakikibaka! Ipaglaban ang kalayaan at karapatan sa panirikan, kabuhayan, edukasyon! Biguin at wakasan ang pasismo ng rehimeng US-Duterte!". Kinundina rin ng mga grupo ang kasalukuyang *de facto* Martial Law na ipinataw ng estado sa tabing ng COVID-19, ang kapabayaang sa mga nasalanta sa nagdaang sunud-sunod na bagyo at ang pagraratsada sa Anti-Terror Law na nagdulot ng samu't saring paglabag sa karapatang-tao at nagpaigting sa laganap na red-tagging at pamamaslang ng rehimen.

Binigyang-pugay ng mga progresibong grupo ang kabayanihan ni Andres Bonifacio at hinamon ang mamamayan sa rehiyon na sundan ang yapak ni Bonifacio para palayain ang bayan sa terorista at tiranong si Duterte. Ipinagdiwang din ang ika-22 anibersaryo ng Anakbayan, kasabay ng araw ng kapanganakan ni Bonifacio.

Ayon sa Anakbayan-TK, "Balikan natin ang makasaysayang paglago ng pakikibaka ng mga kabataan sa Timog Katagalugan kasabay ng pagtanaw sa tagumpay



Protesta ng mga kabataan bitbit ang dibuhong naglalahad kay Duterte bilang tuta ng US at China sa Laguna.

na dala ng hinaharap... Sa kasalukuyan, humaharap pa rin tayong mga kabataan sa malalang krisis, pagpapatupad ng Terror Law, malawakang kahirapan dulot ng pandemya, at todo-todong korapsyon at militarisasyon. Dahil dito, hangga't nakaupo si Duterte sa kaniyang pwesto, patuloy na lalaban at lalawak ang mga kabataang makabayan at magpupunyagi para mapatalsik ang kanyang pasistang rehimen at makibaka para sa sosyalismo!"

Samantala, ginunita ng mga rebolusyonaryong pwersa ang ika-56 taong anibersaryo ng Kabataang Makabayan noong Nobyembre 30. Pinarangalan ng Melito Glor Command-BHB TK ang mga kabataang rebolusyonaryong martir at hinikayat ang kasalukuyang henerasyon na sumapi sa BHB upang isulong hanggang maipagwagi ang demokratikong rebolusyong bayan. ☑

Anim na matatagumpay na CBA...mula sa pahina 6

Naisama rin sa mga bagong-buong CBA na ito ang dagdag na *calamity leave* at *health insurance* upang maseguro ang kanilang kabuhayan at magkaroon ng paunang ayuda sakaling magkaroon ng COVID-19 ang mga manggagawa. Sa loob ng higit siyam na buwang militaristang *lockdown* ng rehimeng Duterte, nangapa ang mayorya ng mga manggagawa dahil sa kawalan ng mga hakbangin at proteksyon sa mga nahawahan ng COVID-19 sa kanilang mga pagawaan at mga komunidad.

Naipagwagi ang matatagumpay na CBA sa pamamagitan ng kumbinasyon ng negosasyon at sama-samang pagkilos ng mga manggagawa para igiit ang kanilang kahilingan.

Ipinapakita ng mga pangyayaring ito ang tunay na kahalagahan ng pag-oorganisa at pagbubuo ng tunay na unyon ng manggagawa laluna sa panahon ng krisis at pandemya. Ngunit isa lamang ang CBA sa mga panandang bato at tagumpay na maaabot ng sama-samang pagkilos ng mga manggagawa. Labas

sa mga dayalogo sa pagitan ng mga manggagawa at kapitalista, nagsulong pa ng iba't ibang mga pagkilos ang mga manggagawa upang protektahan ang kanilang karapatan at kagalingan.

Para sa masang manggagawa, pinapatunayan lamang ng mga tagumpay na ito na kasinungalingan ang taguri ng NTF-ELCAC na terorista ang mga unyon. Nagpupunyagi ang mga manggagawa sa pagtatanggol sa karapatang mag-union sa kabila ng mga atake ng AFP-PNP sa NTF-ELCAC sa kilusang paggawa. ☑

Bakit dapat labanan ang walang pakundangang *red-tagging* ng rehimeng US-Duterte?

Makatarungan ang kasalukuyang paglaban ng mamamayan sa walang pakundangang *red-tagging* at *terrorist-labelling* ng pasistang rehimeng US-Duterte. Ang *red-tagging* ay pagmamarka, pagtatatak, pagpapangalan at pag-aakusa sa mga indibidwal at/o organisasyon bilang maka-Kaliwa, subersibo, komunista o terorista. Ginagamit itong estratehiya sa balangkas ng kontra-rebolusyonaryong programa ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) upang siraan at idiskredito ang mga ligal na demokratikong organisasyon at iugnay ang mga ito sa PKP-BHB-NDFP na pilit nilang tinatatakang “terorista” gamit ang itim na propaganda.

Puspulang nilalabanan ng rebolusyonaryong kilusan ang imheng pakana ng rehimen na ituring na “terorista” ang PKP-BHB-NDFP. Wala ni anumang teroristang gawi o aksyong inilulunsad ang PKP-BHB-NDFP para ituring na terorista. Simula’t sapul, ginagalang at sinusunod ng PKP-BHB ang pandaigdigang batas sa digma at paggalang sa karapatang tao sang-ayon sa International Humanitarian Law at Protocol I & II ng Geneva Conventions. Kinikilala rin ang rebolusyonaryong gubyerno bilang isang *belligerent force* sa bansa na umiiral kasabay ng GRP.

Ang tunay na terorista ay ang rehimeng Duterte na sunud-sunuran sa amo nitong imperyalismong US. Pakana ng imperyalismong US na ilagay ang PKP-BHB-NDFP sa *terrorist list* upang maibenta nito ang mga armas-pandigma sa GRP sa ngalan ng “paglaban sa terorismo”.

Katambal ng terorismo ng estado ang *red-tagging* na isinasapeligro ang buhay ng mga aktibista, progresibo, makabayan, oposisyon, kritiko ng rehimen at karaniwang mamamayang tumututol sa mga anti-demokratiko at kontra-mamamayang patakaran ng reaksyunaryong gubyerno. Dahil pinaratangang mga “terorista”, sila ay ginagawang target ng estado sa mga walang habas na pagpatay. Wala itong pinag-iba sa gera kontra iligal na droga ng gubyernong Duterte kung saan sinumang tatakang “adik” o “pusher” ay pinapaslang. Maraming bilang na ang naging

biktima ng mga pamamaslang ng pinaniniwalaang mga armadong ahente at *death squads* ng rehimeng Duterte matapos dumanas ng *red-tagging*. Ilan sa halimbawa ay sina Atty. Anthony Trinidad, Haide Flores, Atty. Benjamin Ramos, Zara Alvares at Jory Porquia.

Samu’t saring pakana ang isinagawa ng rehimen upang ikatwiran ang kasalukuyang *red-tagging* sa mamamayan. Kamakailan, inorkestra ng NTF-ELCAC ang *red-tagging hearing* sa Senado gamit ang impostor na si Jeffrey Celiz na nagpakilalang “Ka Eric” para i-*red-tag* ang mga indibidwal at organisasyon, laluna ang Makabayan Bloc. Bago ito, binantaan ng asong ulol at hayok sa *red-tagging* na si Gen. Antonio Parlade, hepe ng SOLCOM, ang mga artistang sina Angel Locsin, Liza Soberano at Catriona Gray sa pagsuporta at paglahok sa mga aktibidad ng Gabriela. Ginagamit rin ng rehimeng US-Duterte at NTF-ELCAC ang mga binuo nitong organisasyong League of Parents, Hands Off Our Children (HOOC), Duterte Die-hard Supporters (DDS) at iba pa para sa malawakang *red-tagging* sa mga progresibo at makabayang organisasyon at pagkakalat ng mga pekeng balita at disimpormasyon sa publiko.

Bukod sa AFP-PNP, tuluy-tuloy ang *red-tagging* sa katauhan ng mga alipores ni Duterte sa gabinete: ang nangungulo sa NTF-ELCAC na sina Hermogenes Esperon, Delfin Lorenzana at Eduardo Año, PCOO



Undersecretary Lorraine Badoy, OWWA Undersecretary Margeax “Mocha” Uson, PCOO Secretary Martin Andanar at Presidential Spokesperson Harry Roque. Kasangakapan sila ng gubyernong Duterte maging sa talamak na pang-*re-red-tag* sa labas ng bansa upang siraan ang mga ligal na organisasyon hanggang sa pigilan ang pondo at suportang natatamo nito mula sa mga dayuhang sosyo-sibikong organisasyon. May mga ahente rin si Duterte na pinapadala sa ibang bansa upang manmanan at i-*red-tag* ang mga Pilipinong kritiko at oposisyon ng rehimen sa ibayong dagat.

Ang mga ahente at galamay ni Duterte para sa pang-*re-red-tag* ay binabayaran ng rehimen mula sa *confidential and intelligence funds* ng Office of the President. Ito rin ang maanomalyang pondo na pinalalaki ni Duterte sa 2021 P4.5 trilyong badyet. May P16.4 bilyong inilaan ang rehimen para sa *anti-insurgency* at P9.5 bilyon para sa *confidential and intelligence funds*, taliwas sa kinakailangang pondo para sa kalusugan at kabuhayan ng mamamayan. Ang mga pondong ito ay pinakikinabangan at kinokopo ng AFP-PNP sa mga pabuyang matatamo sa paghuli o pagpatay sa mga pinaghihinalang lider at kasapi ng PKP-BHB-NDFP.

Pinalala rin ng iniratsadang RA 11479 o Anti-Terrorism Act of 2020 (ATA) ang laganap na *red-tagging*

ng rehimeng US-Duterte dahil binibigyan nitong kumpyansa ang AFP-PNP na patuloy na atakehin at dahasin ang mamamayan nang walang pananagutan. Naging sandata pa ito ng rehimen para supilin ang pakikibaka ng mamamayan. Nais gayahin ng rehimen ang madugong *anti-communist witch-hunting* ni Senador McCarthy sa US noong dekada '50 at ni Hitler noong dekada '30-'40 sa Germany na kumitil sa libu-libong buhay ng mamamayan sa mga bansang ito. Tulad ng diktador na si Hitler, nais ni Duterte itayo ang kanyang pasistang diktadura sa bansa gamit ang terorismo ng estado upang takutin at dahasin ang mamamayang tumututol sa kanyang mapaniil na kalakaran at malaya siyang makapaghari at mandambong sa likas na yaman ng bansa.

Taliwas sa inaasahan ng gobyernong Duterte, umani ng

malawakang pambabatikos ang *red-tagging* ng estado. Imbes na matakot ang mamamayan, lumalakas ang panawagang itigil ang *red-tagging* at patalsikin si Duterte. Mariing tinututulan ng mga progresibo at makabayang organisasyon ang plano ng rehimen na isama sila sa listahan ng mga "teroristang organisasyon". Itinuring din ng mga abugado at progresibong pulitiko na ang *red-tagging* ang pinakamalalang anyo ng pampulitikang pang-uusig na ipinagbabawal kahit sa reaksyunaryong konstitusyon. Ang kampanya laban sa *red-tagging* ay nagtamo ng suporta mula sa internasyunal na komunidad na nanawagan ng malawakang imbestigasyon hinggil dito.

Kailangang pag-ibayuhin ng mamamayang Pilipino ang kanilang pakikibaka para ipagtaggol ang kanilang mga karapatan laban sa

teroristang rehimeng Duterte, kontrahin at kondenahin ang walang pakundangang *red-tagging* at pang-aatake sa mga tunay na lingkod-bayan. Higit nilang pagtibayin ang kanilang hanay at pagkakaisa upang kagyat na ibasura ang RA 11479 o ATA of 2020. Kung ang ATA of 2020 ang sandata ng estado sa paninibasib nito sa bayan, ang makatarungang pag-aalsa at paglaban ang armas ng sambayanang Pilipino laban sa rehimen.

Magpupunyagi ang sambayanang Pilipino sa terorismo ng estado. Lumalakas ang panawagan ng bayan para panagutin ang mapaniil, korap, traydor at teroristang si Duterte. Umaalab ang pakikibaka ng bayan para pabagsakin ang rehimeng US-Duterte at itayo ang tunay na demokratikong gubyernong bayan na magsusulong ng katarungan, kalayaan at paggalang sa karapatan ng mamamayan. ☒

BANTAY KARAPATAN



2nd ID-PNP Rizal, kinundena sa pagpaslang sa mag-asawang Topacio at Magpantay, mga kadre ng PKP

Mariing kinundena ng rebolusyonaryong kilusan sa TK ang 2nd ID-PNP Rizal at rehimeng Duterte sa malagim na pagpaslang nito kina Eugenia "Ka Eugene" Martinez-Magpantay at Agaton "Ka Boy" Topacio noong Nobyembre 25 sa kanilang bahay sa Angono, Rizal.

Sina Magpantay at Topacio, kapwa 69 taong gulang, ay mga namumunong kadre at lider ng PKP-BHB-NDFP na nagretiro dulot ng kanilang mga karamdaman. Si Magpantay ay may *diabetes*, malubhang rayuma (*arthritis*), at kalauna'y tinamaan ng *stroke*. Iniinda naman ng kanyang asawa ang sakit sa puso na nagbunsod ng kanyang pagreretiro.

Kahindik-hindik ang *modus* ng pagpaslang sa dalawang kadre na itinuturing nang *hors de combat* o wala sa katayuang lumaban. Nilusob ng tropa ng 2nd ID-PNP Rizal ang tinutuluyan ng mga biktima bandang 3:30 ng madaling araw at walang habas na pinagbabaril ang kanilang

bahay. Ang ganitong tipo ng operasyon ay katulad ng ginawang pagpatay ng mga pasista kina Ermin "Ka Romano" Bellen, Jose Villahermosa at Lucio Simporoso noong Disyembre 5, 2019 sa Antipolo City.

Ipinipilit ng PNP-Rizal ang kasinungalingang 'nanlaban' sina Topacio at Magpantay kaya naobliga ang mga pasistang pagbabarilin ang bahay. Sa aktwal, planado ang operasyong pagpatay sa dalawang kadre. Nauna na silang sinampahan ng PNP ng mga gawa-gawang kasong *murder* at *attempted homicide* upang bigyang dahilan ang paghahain ng '*warrant of arrest*' na humantong sa istilong Tokhang na pagpatay sa kanila.

"Hibang na hibang ang NTF-ELCAC na pugutan ng ulo ang rebolusyonaryong kilusan sa pagtarget sa mga kilalang kadre at lider ng kilusan. Ginagamit nila ang Anti-Terrorism Act upang malayang pumaslang nang walang pananagutan

habang tinatatakang 'terorista' ang CPP-NPA-NDFP, maging ang mga progresibo, makabayan at mga kritiko ng rehimen," pahayag ni Armando Cienfuego, tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB TK.

Pinarangalan ng PKP sina Magpantay at Topacio na parehong kagawad ng Komite Sentral. Pinatampok sa mga pahayag ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral (KTKS) ang ambag nina Magpantay at Topacio sa pamumuno sa mga rebolusyonaryong gawain sa Hilagang Luzon at Gitnang Luzon mula dekada 1980 hanggang dekada 2000. Binigyang-pugay rin si Magpantay bilang dating kalihim ng Pambansang Kagawaran sa Edukasyon at isa sa mga kasapi ng *interim* KTKS na nag-organisa sa matagumpay na Ikalawang Kongreso ng Partido. Kinilala naman si Topacio bilang magiting na Pulang kumander at kagawad ng pambansang kumand sa operasyon ng BHB. ☒

Ninakaw na kamusmusan

Ang pagyurak ng FMO sa karapatan ng mga bata

Ipinagtatangol ng NDFP ang mga bata sa mga atake sa kanilang karapatan ng tatlong salot sa malakonyal at malapudal na lipunang Pilipino: ang dayuhang monopolyo kapitalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Itinataguyod, ipinagtatangol at isinusulong ng NDFP ang mga karapatan ng bata alinsunod sa sarili nitong mga prinsipyo, patakaran at regulasyon, gayundin sa mga internasyunal na pamantayang tuwiran at di-tuwirang nakalatag sa mga kumbensyon at tratado...

- Pagtatanggol ng NDFP sa batang Pilipino ni Jose Maria Sison, Nobyembre 25, 2005

Walang humpay na pagsuyod at paghalihaw sa bundok at komunidad ng mga katutubo at magsasaka. Ganito kung ilarawan ang *focused military operations* (FMO) ng mga militar sa kanayunan. Maligalig at nakapanghihilakbot, malaking kabalintunaan ng pangalan ng operational plan ng rehimen na “kapanatagan”. Bumababad sila sa mga baryo at sityo *hall*, kapilya, maging sa mga eskwelahan na itinuturing na mga pag-aaring publiko at sibilyan.

Di-deklaradong batas militar ang pagpapatupad ng FMO—may *curfew*, tsekpyont at sistema ng *logbook* sa mga daanan ng tao at pagkain, pagbabawal sa ilang aktibidad sa hanapbuhay tulad ng pagbisita sa mga hayop at kaingin. Itinulak nito ang pambansang minorya at setler na magpatagu-tago sa gubat.

Araw-araw silang nakikihamok sa FMO kasama ang kanilang mga anak. Pinapawi ng pana-panahong tili, tawanan at iyakan ng mga bata ang katahimikan ng gubat na kanlungan ng mga biktima ng militarisasyon.

Paglikas sa militarisasyon

Kasa-kasama ni Alex ang kanyang mga anak na sina Jeremy (8), James (6), Joseph (4), Casey (3) at Karen (3 buwan) sa pagtatago sa gubat upang makaiwas sa mga sundalo. Kabilang si Alex sa pinaghahanap at sapilitang pinasusuko ng AFP at DILG sa ilalim ng mapanlinlang na E-CLIP upang pagkakitaan ng huli at gamitin laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Dahil ayaw niyang maging kasangkapan ng karahasan laban sa mga kamag-anak at kapitbahay, pinili nila ng asawa niyang si Emily na magtago. Hindi na nakakapag-aral

sina Jeremy at James na dapat sana’y nasa elementarya na.

Si Rhea (6) naman ang bunsong kapatid ni Ka Don, isang lokal na kasapi ng Partido at kasama sa mga pinaghahagilap ng mga sundalo sa kanilang lugar. Ulila na ang magkapatid kaya kasa-kasama na si Rhea ng kanyang kuya sa pagtatago. Hindi na rin nakakapag-aral si Rhea. Ayon kay Ka Don, wala siyang mapag-iwanan sa kapatid at ayaw rin ng bata magpaalaga sa iba. Namamaga na ang mga binti at paa ni Rhea sa dami ng kagat ng mga insekto sa gubat kaya ipinagagamot siya sa medik ng BHB.


Paulit-ulit namang binibisita ang pamilya nina Junjun (10) at Mika (14) ng mga militar at pinepresyur ang kanilang mga magulang na sumuko, kasabay ng pagpapababa sa mga kapatid nilang kasapi ng BHB. Dahil sa takot ng kanilang mga magulang, tuwing may balita ng operasyong militar ay nag-aalsa balutan na sila. Sa ganitong takbo ng kanilang pamumuhay, hindi na nakapag-aral pa ang magkapatid. Takot ang namumutawi sa kanila, laluna sa mag-iina. Mababakas ito sa nagbabagong katangian ni Junjun na madaldal na nananahimik at animo’y umuurong ang dila sa tuwing mababanggit ang salitang “sundalo” bagama’t hindi pa nakakakita ng tunay na sundalo. Si Mika naman ay pinangangambahan nilang maligawan at asawahin ng mga sundalo.

Kalaro at kabarkada ni Mika ang magkapatid na Kelay (17) at Leny (16), pareho nang

grade 7 o *1st year high school* nang tumigil sa pag-aaral. Tumigil sila dahil sa *lockdown* bunga ng pananalasa ng pandemyang COVID-19. Anak sila ng mga martir ng rebolusyon at lumaki na sa kanilang lola. Palibhasa’y ang kanilang baryo ay madalas na ginagawang himpilan ng mga sundalo tuwing may malakihang operasyong militar sa kanilang lugar, talab sa kanilang musmos pang isipan ang paninira ng mga ito sa BHB. Noong una, takot sila sa Pulang hukbo dahil sa paninira ng kaaway. Subalit nang makasalamuha nila ang Hukbo sa mga aktibidad ay nakilala nila ang tunay na mukha ng BHB. Nang tumagal, sila na mismo ang nagkukumpara sa Hukbo at sa mga sundalo — na ang Hukbo raw ay tunay na magagalang at matulungin sa kanila, laluna nang minsang ginamot ng mga medik ang kanilang lola.

Liban sa kanila, ang mas maraming pamilyang hindi makalikas at makapagtago dahil sa hindi maiwang kabuhayan ay sumasailalim sa presyur, kumbersyon at banta ng pagpatay ng mga militar. Ilang mga *menor-de-edad* at kabataan sa rehiyon ang ngayo’y nakatira sa mga kampo militar





at pinipilit isama sa mga operasyong militar.

Paglapastangan sa karapatan ng mga bata

Sa gitna ng kagubatan, malayo sa kanilang bahay, eskwelahan, *center*, iba pang mga kamag-anak nagtatago sina Junjun, Leny, Rhea, Jeremy at iba pang mga bata. Kapag sila'y nagkasakit, hindi na sila madadala sa *center* dahil naroon nakakampo ang mga sundalo. Tulad ni Joey (10) na nabalian ng kamay at pumutok ang noo matapos malaglag sa batuhan na sa halip na bumaba sa sentro ay naghanap ng yunit ng BHB para magpagamot. Nitong kasagsagan ng pananalasa ng COVID-19 ay namatay naman ang isang bagong silang na sanggol dahil hindi nabigyan ng sapat na atensyon sa higpit ng *lockdown* sa kanilang lugar.

Hindi rin makapag-aral ang mga batang ito sa kanilang tahanan dahil tulad nila, hindi rin nakapag-aral ang kanilang mga magulang. Pareho silang bahagya pa lamang natututong kumilala ng letra sa pamamagitan ng mga programa sa literasiya ng Grupo sa Pulitika ng BHB ay mapuputol na itong muli dahil kailangan nang umalis ng yunit sa kanilang lugar.

Ang mga batang ito, na ang ilan ay mga wala pang muwang at hindi pa ganap na maunawaan ang tunay na dahilan ng kanilang kalagayan ay iisa lamang ang sagot sa tuwing tatanungin kung nakakita na ba sila ng sundalo: "Takot ako doon". Halimaw ang larawan ng mga militar sa imahinasyon ng mga bata.

Kung tutuusin, wala pang taguring FMO, matagal nang ginawang target ng mga operasyong militar

ang maraming inosenteng batang Pilipino. Sa datos ng Ang Bayan, ngayong taon pa lamang ay aabot na sa 47 bata ang biktima ng paglabag sa karapatang-tao. Karumaldumal ang mga kaso nila Grecil Buya (9) na napaslang ng mga militar sa New Bataan, Compostela Valley noong 2007 at idiniing kasapi ng BHB, at ni Adeliza Albarillo, walong taong gulang pa lamang na nakaligtas sa pagmasaker ng militar sa kanyang mga magulang noong 2001 sa San Teodoro, Occidental Mindoro.

Karaniwang biktima ng karahasan ang mga anak ng mga magsasaka, katutubo, unyonistang manggagawa, aktibista at rebolusyonaryong pwersa. Noong 2019, ilandaang batang Mangyan rin ang lumikas mula sa kanilang mga komunidad dahil sa pambobomba at istraping ng militar. Maraming batang tinamaan ng tigdas sa mga komunidad ang hindi makapagpagamot habang nananalasa ang militarisasyon. Pinakahuli sa mga ito ang kaso ng panggagahasa sa anak ng magsasaka at tagapagsulong ng karapatan ng kababaihan sa Mulanay, Quezon nitong Hulyo 27.

Sinisira ng FMO ang kinabukasan ng mga bata. Sila na inaasahang bagong mga binhi ng Pilipinong magtataguyod sa ating bayan at magtitiyak sa maaliwalas na kinabukasan ng mga susunod pang henerasyon ay ginigipit sa kanayunan at pinagkakaitan ng mga batayang karapatang susi sa pagbubuo ng kanilang pagkatao at prinsipyo.

Landas tungo sa pangmatagalang kapayapaan

Ang tumitinding militarisasyon ng AFP sa kanayunan ang maagang nagmumulat sa mga bata sa pundamental na suliranin ng lipunan at nagtutulak sa kanilang tumindig para sa kanilang kaligtasan at kagalingan.

Nasa unahan ang Partido at buong rebolusyonaryong kilusan sa pagkilala, pagtataguyod at pagtatanggol sa karapatan ng bawat batang Pilipino. Habang matapat na tumatalima ang mga yunit ng BHB sa pandaigdigang mga patakaran at panuntunan kaugnay sa mga bata, hindi ito tumitigil, bagkus ay higit nitong pinag-iibayo ang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa kanilang hanay. ☒

BANTAY KARAPATAN



3,500 tropa ng AFP-PNP, nanghahalihaw sa TK sa gitna ng mga bagyo

Walang tigil ang mababagsik na *focused military operation* (FMO) ng AFP-PNP sa rehiyon kahit sa gitna ng pananalasa ng mga bagyong Rolly at Ulysses. Dagdag pahirap at pagdurusa ang paninibasib ng AFP-PNP sa mamamayang sinalanta ng mga nagdaang kalamidad.

Pinakamababang 3,500 tropa ng AFP-PNP ang nag-operasyon sa Palawan, Quezon at Mindoro sa hibang na pagtugis ng mga berdugo sa mga yunit ng BHB.

Sa Mindoro, naiulat ang 1,000 tropa ng pinagkumbinang 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA na naglulunsad ng FMO at *retooled community support program operations* (RCSPO) sa San Jose, Rizal, Calintaan, Magsaysay at Sablayan sa Occidental Mindoro at sa Bongabong, Mansalay, Roxas, Bansud at Socorro sa Oriental Mindoro. Bahagi ng RCSPO sa isla ng Mindoro ang mga papulong sa mamamayan at pagsisensus kasabay ng mga interogasyon at kampanyang pagpapasuko. Inoobliga ang mga katutubong Mangyan na magpalinis ng pangalan o pasukuin ang buu-buong pamayanan.

Sundan sa pahina 12



FMO ng AFP-PNP sa panahon ng sakuna, binigo ng AMC-BHB Quezon


Binigo ng Apolonio Mendoza Command-Bagong Hukbong Bayan (AMC-BHB) Quezon ang pakana ng AFP-PNP na durugin ang mga yunit ng BHB sa mga walang puknat na *focused military operation* (FMO) sa probinsya. Matagumpay na nakapagdependa ang mga yunit at nakaatras nang ligtas at walang kaswalti. Samantala, hindi bababa sa sampu ang pinsalang natamo ng AFP-PNP sa mga naturang labanan.

Pataksil na inatake ng mga nag-ooperasyong pwersa ng 201st Brigade, 202nd Brigade at PNP-CALABARZON ang BHB Quezon kahit sa gitna ng mga nagdaang bagyong Rolly at Ulysses na nagresulta sa tatlong labanan noong Nobyembre 12 sa Brgy. Lahing, Nobyembre 14 sa Brgy. Ulongtao Ilaya, kapwa sa bayan ng Macalelon at Nobyembre 15 sa Sitio Kerusep, Brgy. Pagsangahan, General Nakar.

Upang pagtakpan ang kanilang kabiguan, pinangalandakan ng 85th IBPA na may 12 napatay na Pulang mandirigma sa labanan

noong Nobyembre 14. Ipinamarali pa ng 201st Brigade na “inatake sila ng AMC habang naglulunsad ng operasyong relip sa mga apektadong lugar”. Saksi ang mamamayan ng Quezon na walang pagbibigay-ayudang inilulunsad ang AFP-PNP, bagkus hirap at pasakit ang dala nila sa mamamayan dulot ng pananakot, panghahas at paninindak, interogasyon at sapolitang pagpapasuko sa mga FMO sa gitna ng sakuna.

Ayon kay Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC-BHB Quezon, “Ito ay malinaw na terorismo kung saan matapos ang magkakasunod na pananalasa ng mga bagyo ay naglunsad sila ng pag-atake sa mamamayang hindi pa nakakarekober sa kalilipas na bagyo.



Maaasahan ng mamamayan ang BHB Quezon na patuloy na magtatanggol sa kanila habang tinutulungang makabangon sa kalamidad.” ☒

3,500 tropa ng AFP-PNP...mula sa pahina 11

Aabot naman sa 600 elemento ng 3rd Marine Brigade ang umaatake sa Roxas, Taytay, Brooke’s Point, Rizal, Bataraza at Puerto Princesa City sa Palawan.

Samantala, Sa Quezon, 1,900 pinagsanib na sundalo at pulis ang nanghahalihaw sa lalawigan. Higit 1,000 tropa ng 59th IBPA, 85th IBPA, 22nd DRC ng 2nd ID at PNP-CALABARZON ang sumaklaw sa mga bayan ng Lopez, Macalelon at General Luna; habang 900 pwersa ng 1st IBPA, 80th IBPA at RMFB-4A ang nag-ooperasyon sa General Nakar, Real at Infanta. Nagresulta ang walang tigil na mga operasyong militar sa tatlong labanan sa probinsya.

Matapos ang labanan noong Nobyembre 14 sa Brgy. Ulongtao Ilaya, Macalelon, Quezon, tinipon

ng mga mersenaryong 85th IBPA ang mga kagawad ng barangay sa Ulongtao Ilaya at San Nicolas at ininteroga. Kasabay nito ay ang pag-iikot sa kabahayan at pagpapanawagang sumuko na ang mga residente bilang kasapi ng BHB.

Binantaan naman ng 80th IBPA ang mga Dumagat sa Brgy. Umiray, General Nakar na papatay sila ng katutubo sa bawat sundalong mamamatay sa mga aksyong militar na ilulunsad ng BHB sa lugar.

Perwisyo at pahirap ang mga operasyong militar at pulis sa mga nasalanta ng mga nagdaang bagyo. Imbes na paglulunsad ng mga gawaing relip at rehabilitasyon sa mga apektadong lugar, panggagalugad sa mga kabundukan, pananakot sa mga magsasaka at katutubo, pagnanakaw sa mga

pananim at hayop ng mga taumbaryo at sapolitang pagpapasuko ang isinasagawa ng mga pasistang pulis at sundalo. Hinaharang rin ng mga terorista ang pagpasok ng mga relip sa mga apektadong lugar.

Ayon kay Armando Cienfuego, tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB Timog Katagalugan, “Sinasantala ng rehimen ang ganitong mga sitwasyon sa paglulunsad ng mga imbing atake sa tabing ng mga *covid-related mission* o *relief operation*. Kailangang tibayan ng mamamayan ang kanilang loob at patuloy na magpunyagi sa pagsusulong ng kanilang karapatan at kagalingan kahit sa harap ng matinding terorismo ng rehimen. Matapang nilang harapin ang pananalakay ng AFP-PNP at igiit ang pagpapalayas sa mga militar.” ☒



Magsasaka ng Nasugbu, nakikibaka para sa panirikan at kabuhayan

Dahil sa kolektibong lakas ng mga magsasaka, manggagawang bukid at mangingisda, matagumpay na nailunsad ang dayalogo sa Sangguniang Bayan ng Nasugbu, Batangas noong Oktubre 21, sa okasyon ng Buwan ng Magsasaka. Sa gitna ng pandemya, patuloy ang pangangamkam ng lupa at reklamasyon para sa programang Build, Build, Build ni Duterte.


Lumahok sa dayalogo ang mga taga-Brgy. Wawa, Nasugbu na nangangambang mapalayas sa kanilang mga tirahan dahil binabalak itong gawing *domestic port* ng Pastrana. Ito rin ang kumpanyang nagpapalayas sa mga manininda sa Sta. Clara para gawing *international port* ang Batangas City Pier. Hindi lamang ang mga tirahan ng mga maralita ang apektado kundi pati ang kanilang kabuhayan sa pangangisda.

Napakarami namang mga barangay ang masasagasaan ng Cavite-Tagaytay-Batangas Expressway (CTBEX) na kinontrata ng DPWH sa Metro-Pacific Tollways Corporation ni Manny V. Pangilinan. Daan-daang pamilya ang mapapalayas sa kanilang tirahan at mawawasak ang sakahan nang walang malinaw na kompensasyon at relokasyon. Bukod pa rito, may nakabinbin pa itong usapin sa korte dahil hinahabol pa rin ng pamilya Roxas ang pagkakansela sa Certificate of Land Ownership Award ng mga benepisyaryo sa Hacienda Roxas.

Matinding pahirap naman ang idudulot ng pamimili ng *irrigated rice lands* para gawing *subdivision* ng Camella Homes sa Brgy. Putat at Bunducan. Dito, napilitan ang mga magsasaka na magbenta dahil sa kakulangan ng suporta at proteksyon ng guberno sa kanilang pagsasaka. Dala na rin ito ng kawalan ng kaalaman sa kanilang mga batayang karapatan bilang mga nagbubungkal ng lupa.

Sa gitna ng pandemya at matinding pangangailangan na tiyakin ang seguridad sa pagkain, uubusin ng Camella ang palayan ng mga magsasaka. Bukod pa rito, ang malawakang pagkukumbert tungong *subdivision* ay magdudulot ng matinding pagbaha sa Poblacion at kanugnog na mga barangay tulad ng Brgy. Dayap, Cogunan, Talangan at Pantalan.

Tuluy-tuloy naman ang pangangamkam ng lupa ng mga Puyat at mga *developer* tulad ng Sandari at Citystate sa Brgy. Kaylaway. Higit 100 ektaryang sakahan na may tanim na palay, mais, niyog, kamoteng kahoy, kamoteng baging, bungang kahoy at gulay ang kinamkam ng mga Puyat at mga *developer*.



Bilang tugon sa daing ng mga magsasaka, nangako ang Sangguniang Bayan na iimbestigahan ang mga isyu na ito at magpapatawag ng dayalogo sa pagitan ng mga apektadong pamilya at *developer*.

Malayo pa ang tugon na ito sa ninanais ng mamamayan ng Nasugbu. Kailangan ang tuluy-tuloy na pagkilos at pangangalampag para maipagtanggol ang lupa ng mga magsasaka at mapigilan ang pangangamkam ng mga panginoong maylupa at *developer* sa Nasugbu. Hindi magpapatinag ang masang anakpawis ng Batangas at patuloy na magpapatibay ng kanilang hanay para sa karapatan sa lupa, kabuhayan, at tirahan. ☒

Linggo ng Magsasaka, ipinagdiwang!

Ang pagdiriwang ng Linggo ng Magsasaka sa buwan ng Oktubre 2020 ay ginunita sa papamamagitan ng serye ng mga lokal na aktibidad at pagtitipon dala ang temang, “Kagutuman at pamamaslang, wakasan!, Patalsikin ang pabaya, kriminal at pasistang si Duterte!”

Naglunsad ng mga dayalogo sa lokal na pamahalaan, mga asembleya hanggang pamprobinsyang pagtitipon ang iba’t ibang organisasyong magsasaka nitong Oktubre. Tampok ang naganap na dayalogo sa lalawigan ng Batangas na dinaluhan ng halos 150 delegado mula sa iba’t ibang probinsya ng TK. Nakiisa ang mga manininda ng Batangas Pier sa pagkilos.

Nakipagdayalogo sila kay Carlos Pastor, Executive Assistant ng Gobernador ng Batangas. Ipinangako ni Pastor na magkakaroon ng aksyon ang LGU hinggil sa mga usapin ng mga magsasaka at ang personal na pagharap ng gobernador sa mga

maralita ng lalawigan. Tinalakay rin ang hiling na ayuda para sa mga maralita ngayong may pandemya at kalamidad.

Sa gitna ng programa, nanggulo at nangharas ang pamprobinsyang pulis ng Batangas. Sakay ng tatlong SWAT at walong PNP *mobile*, tinangka ng mga pulis na isabotahe ang programa at pinagbantaang aarestuhin ang ilang lider masa na dumalo sa aktibidad.

Samantala, pinigilan ng mga militar na dumalo sa protesta sa Maynila ang mga magsasaka at maralita mula sa Montalban, Rizal. Kinuha ng mga militar ang kanilang sasakyan at bininbin ang mga delegado.

Bukod sa mga kilos-protesta, naglunsad din ng serye ng *case consultations* sa rehiyon hinggil sa mga ligal na remedyo sa mga lupaing patuloy na kinakamkam upang isailalim sa iba’t ibang anyo ng kumbersyon. ☒

Si Ate Rjei*

ni Ka Reina

Mapalad akong nakilala si Ate Rjei. Batang aktibista pa lamang ako noon at isa siya sa palagian kong nakikita na nangunguna sa mga mobilisasyon. Kung hindi man nasa unahan ay nasa gilid-gilid at mabilis na naglalakad, o kaya ay katabi sa hanay ang kanyang malalapit na kaibigan. Matinis ang boses niya kapag nagsasalita sa *megaphone* at kapag nangunguna sa mga *chant*. Naaalala ko pa noong may pagkilos sa loob ng unibersidad, tumili siya nang napakalakas upang simulan ang *chant*.

“IIISKOLARRR NG--” at sabay hiniyawan siya ng isang *frat man* na nagulat din sa bigla nitong pag-irit.

“Huy!”

Nagtawanan kaming nasa bahaging iyon ng mahabang *snake rally*. Namula si Ate Rjei at napangiti rin. Maya-maya, naglakad siya papunta sa bandang unahan at doon na muli nanguna sa pagsigaw.

Mas matanda siya sa akin ng dalawang taon ngunit tila higit pa roon ang aming agwat dahil sa kanyang kasigasigan bilang aktibista. Maiikli ang interaksyon namin tuwing nagkikita. Simpleng batian, biruan, may kaunti ring tsismisan, tapos kailangan na niyang umalis para sa gawain—*room-to-room* man ito o *group discussion*. Habang ako naman, makikipagkuwentuhan sa iba pang batang aktibista na kasama.

Hindi ko siya nakilala bilang isang estudyante dahil ni minsan ay hindi naman kami naging magkklase. Nagiging kklase ko lang siya sa labas ng *classroom* at sa lansangan. Gayunpaman, pagkatapos niya sa kaniyang kursong BS Forestry, isinanib niya ang kanyang kaalaman upang edukahin at organisahin ang mga katutubo at maka-kalikasan. Ginamit niya ang kaniyang natutunan upang pag-ibayuhin ang pagtataguyod sa karapatan ng kababaihan.

Paano nga ba natin nakikilala ang isang tao? Sa tagal ba ng pinagsamahan? Masasabi ba nating dahil sila’y ating anak, kapatid, magulang o asawa ay lubos na natin silang kilala? O mayroon tayong nakikilala na sa maikling panahon ng pagsasama ay nakapaghatid ng malaking epekto sa ating buhay?

Ang alam ko, nagmula sa payak ngunit masayahing pamilya si Ate Rjei. Kitang kita ko ito sa kanya sa tuwing nakakasalamuha ko siya sa mga kilos protesta. Hindi siya maluhog sa pananamit o mapili sa pagkain. Palagi siyang nakangiti, makwento at madaling makagaan sa loob.

Laging bukas si Ate Rjei para magpaunlad. Bukod sa pagiging *mass leader*, isa siyang manggagawang pangkultura na nagbibigay-kulay at sigla sa mga mobilisasyon. Sadyang hindi siya naninibago sa entablado, mapa-*speaker* man o karakter sa isang dula.

Nakilala ko ang isang bahagi ni Ate Rjei na hindi tumatalikod sa madla at buong pusong niyayakap ang buhay ng isang aktibistang dapat nakakagampan sa hindi lamang iisang linya ng gawain. At sa dami ng kanyang mga nakasalamuha, nakakwentuhan, kabungisngisan, at iba pa, kaya niya ring makipag-usap nang malapitan. Sa dami ng nakikinig sa kanya sa tuwing *speaker* siya sa isang *mob* ay ganoon din karami ang isa-isa niyang pinakikinggan upang malaman ang kanilang kwento. Taimtim siya makinig, matanong kung minsan. Pero alam mong pinakikinggan ka. Salungat man noong una ang ilang pagtingin namin, hindi niya ako tinutunggali upang sabihing mali ang aking paniniwala, kundi hinihimok at hinahamon niya akong buksan ang isip. At kahit nakikita niya ang kalituhan sa mata ng kausap, hindi siya napapagod. Nagpapaliwanag pa rin siya habang nakangiti.

Maraming bahagi ng buhay ni Ate Rjei ang hindi ko lubusang nakilala. Paano kaya siya bilang kasama sa *dorm* o *apartment*. Paano kaya siya bilang isang karelasyon. Paano kaya siya bilang isang anak. O paano kaya siya bilang miyembro ng Bagong Hukbong bayan.

Marami pa man akong hindi nalalaman sa iba pang bahagi ng buhay ni Ate Rjei, ipinakilala na siya sa akin ng rebolusyon. Malaking bahagi ng pagkakakilala ko sa kanya ang kanyang paglilingkod sa sambayanan — mula sa pagiging estudyanteng aktibista, pagiging pultaym pagka-*graduate* ng kolehiyo, hanggang sa pagpiling maging Pulang mandirigma. Ito ang buhay ni Ate Rjei. Ito ang kanyang pagkatao at pamana sa bagong henerasyon ng mga kabataan.

Sa gabi ng kanyang parangal, naalala kong muli ang maiikli naming interaksyon. At nadagdagan pa nga ang pagkakakilala ko sa kanya nang basahin ang tulang sinulat niya para sa kanyang ina. May bago na naman akong natutunan sa kanya: mahusay siyang sumulat ng tula.

Tiyak na lalalim pa ang pagkakakilala ko kay Ate Rjei hangga’t nagpapatuloy ako sa rebolusyon. Siya at ang mga hindi pangkaraniwang kabataang nag-alay ng kanilang buhay para sa bayan ang inspirasyon ko sa pagsusulong ng rebolusyon. ☐

* Si Rona Jane “Ate Rjei” Manalo ay kilala ng mga kasama at masa sa mga pangalang Ka Lemon at Lily. Nasawi siya sa isang labanan sa Brooke’s Point, Palawan noong Setyembre 3.

